

RESILIENTSR37



Ang Highway 37 sa Hinaharap ay Nagsisimula sa isang Komprehensibong Plano ng Iba't Ibang Paraan para sa Koridor (Comprehensive Multimodal Corridor Plan)

Maging kayo man ay naglalakbay araw-araw gamit ang Highway 37 o ginagamit ang kalsada para makakita ng mailap na hayop-gubat, magiging alalahanin ninyo ang maraming hamon na hinaharap ng Highway 37. Ang Comprehensive Multimodal Corridor Plan (CMCP) ay ang pagbubuo ng pakikipagtulungan ng pagsisikap sa pagitan ng MTC, Caltrans, at ng apat na County sa hilaga: Marin, Sonoma, Napa at Solano—at kailangan nila ng inyong input. Bagaman maraming isyu ang hinaharap ng pagpapanatili ng Highway 37—pagtaas ng lebel ng tubig sa dagat, dumaraming pangangailangan sa trapiko, limitadong paggamit, at mga makatarungang solusyon sa mga opsyon sa transportasyon—marami ring kapana-panabik na oportunidad at posibilidad para sa Highway 37. Kabilang sa mga solusyong ito ang:

- Kaligtasan sa highway at mga pagpapabuti ng kaluwagan sa pagkasiksikan
- Mga opsyon ng iba't ibang paraan kabilang ang pagbibisikleta, taong naglalakad, at transit, pati na rin ng mga sumusuportang proyekto sa transportasyon gaya ng mga park-and-ride at mga hintuan ng bus
- Paggawang muli ng konstruksyon upang maiwasan ang mga pagsasara kaugnay sa pagbaha at upang matugunan ang mga pamantayan sa lindol
- Mga pagpapabuti sa Paggamit ng Publiko sa kahabaan ng Highway 37

Ang hinaharap na ito ay hindi maaaring maitayo ng magdamag. Ang CMCP ang magbabalangkas ng mga pangmadalian, pangkatamtaman at pangmatagalang proyekto, istrategiya, at prayoridad ng pagpopondo para sa mga pagpapabuti ng kahabaan ng Highway 37. Para sa kumpitensiya sa

limitadong pondo sa transportasyon, dapat madokumento ng CMCP kung paano ang naplanong pagpapabuti ay tumutugon sa mga layunin ng pagpapalano ng transportasyon ng pederal at estado, kabilang ang mga konsiderasyon ng iba't ibang paraan, katarungan sa lipunan, pagbabago ng klima, paggalaw ng mga produkto, pag-unlad ng ekonomiya, at pagbalik ng pamumuhunan. Para lalong malaman ang tungkol sa kung paano ang mga proyekto ay magiging karapapat-dapat para sa SB-1 Solutions for Congested Corridors Program Guidelines sa paggawad ng pondo, bumisita sa www.catc.ca.gov/programs/sb1/Solutions para sa Congested Corridors Program (SCCP) | CTC (ca.gov). Ang kritikal na elemento ay ang pagkolekta ng input mula sa publiko ukol sa pagpili, pagprayoridad at pagpapatupad ng mga proyekto sa loob ng koridor.

Ito ang Isang Koridor – Maramihang Solusyon

Ang inyong mga ideya ang tutulong sa paghubog nitong mga potensyal na solusyon. Ang pangkat ng Proyekto ay bumuo ng isang survey upang tumulong magkolekta ng impormasyon sa isang nakatuon na pormat.



Kumpletuhin ang Survey upang Tumulong sa Plano 37:
www.Resilient37.org/Questionnaire

Para sa marami pang paraan ng paglahok, bisitahin ang
www.Resilient37.org

Lumahok sa pagpapalano ng Highway 37: may kakayahang makabawi, maaasahan, mas ligtas at itinatag upang magtatagal para sa lahat ng naglalakbay!

Is English your second language? We can help. Request assistance by calling 415.778.6757 and allow three days for response.

¿El inglés es tu segundo idioma? Podemos ayudar. Solicitar asistencia llamando al 415.778.6757 y permitir tres días para la respuesta.

Ang Ingles ba ang pangalawang wika mo? Makakatulong tayo. Humiling ng tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa 415.778.6757 at payagan ang tatlong araw para sa tugon.



ISANG CORRIDOR, ISANG TEAM, MARAMING SOLUSYON
